## ANG TUNTUNIN SA MULING PAGSUSULIT (Placement Retest Policy)

Ang mga resulta ng pagsusulit ay may bisa ng dalawang taon. Kung hindi tinatanggap ng estudyante ang ipinapayong kalalagyan, maaari niyang ulitin ang katulad na pagsusulit sa loob ng dalawang taon.

Upang makakuha muli ng parehong pagsusulit, ang estudyante ay kailangang maghintay ng dalawang linggo, o labing-apat na araw. Sinisimula ang pagbilang sa pagtatapos ng unang pagsusulit.

Ang estudyanteng nakatapos ng kurso sa Ingles, ESOL o matematika ay maaaring kumuha ng eksamen upang malaman ang antas ng kakayahan sa Ingles, ESOL o matematika. Kailangang dalawang taon ang makalipas mula sa pagkatapos ng magkasunod na kurso.

Sa ibang di-pangkaraniwang pangyayari, o kaya'y sa pamamagitan ng rekomendasyon ng guro, ang estudyante ay maaaring mag-petisyon ng muling pagsusulit sa Opisina sa Matrikulasyon, (Office of Matriculation).

**Isinalin ni** Dr. Jeremiah Resus
Language Arts Division
1/07

### Sumangguni sa Website ng Skyline College sa karagdagang informasyon

**Maari kang mag-download ng "Application", alamin ang mga petsa ng pagsusulit, at maalaman ang mga halimbawang tanong sa pagsusulit.**

**http://skylinecollege.edu**



**San Mateo County Community College District**
**Board of Trustees**

**Helen Hausman, President**
**Richard Holober, Vice President-Clerk**
**Dave Mandelkern**
**Patricia Miljanich**
**Karen Schwarz**
**Richael Young, Student Trustee 2006-07**
**Ron Galatolo, District Chancellor**
**Dr. Victoria P. Morrow, President, Skyline College**

# ASSESSMENT CENTER
## (Sentro ng Pagtatasa)

Lahat ng Kailangan Ninyong Malaman

Skyline COLLEGE
ACHIEVE

### PAGSUSULIT PARA SA TAMANG KALALAGYAN
### (Placement Testing)

**Telepono: (650) 738-4164**
**Tanggapan: Building 2, Rm 2233**
**Oras Sa Tanggapan: Daily**
**Centro sa Pagsusulit: Building 2, Rm 2232**
**Bumisita sa: www.SkylineCollege.edu/Testing**

# ANG PAGTATASA



## Ano ang pagsusulit ng pagtatasa?

**Ang pagsusulit ng pagtatasa ay ginagawa sa mga asignatura ng:**

- Matematika
- Ingles
- ESOL (English Speakers of Other Languages)

Ito ay magpapahayag ng iyong kalalagyan at magbibigay kaalaman sa pagpili mo ng mga tamagang kurso.

## Bakit kailangan ko ang pagsusulit ng pagtatasa?

Ang layunin ng pagsusulit ay para matiyak na sinisimulan mo ang iyong pagaaral sa kolehiyo sa wastong antas, at matulungan kang maging matagumpay sa pagaaral.

## Kailan at saan ako kukuha ng pagsusulit?

Ang pagsusulit ay ibinibigay sa Skyline College. Ang kasalukuyang petsa ng pagsusulit ay matatagpuan sa:

- Online sa http://skylinecollege.edu
- Sa Sentro ng Pagtatasa (Assessment Center) at Sentro ng Paglilingkod Sa Mga Mag-aaral (Student Services Information Center)

  Sa talaan ng mga klase (Class Schedules)

**Ang lahat ng mag-aaral ay kailangang mag-aplay sa kolehiyo bago kumuha ng pagsusulit.**



## Ang pagsusulit bang ito ay magiging bahagi ng aking kasulatan (record)?

- Ang pagsusulit ay hindi magiging bahagi ng iyong permanenteng kasulatan.
- Hindi ka maaaring bumagsak sa pagsusulit, o di-tanggapin ng kolehiyo.
- Ang resulta ng pagsusulit ay isa lamang kasangkapan para mapili mo at ng iyong tagapayo ang mga asignaturang mapapasukan mo.

### Gaano katagal ang pagsusulit?

- **Sa Matematiko** - 1.5 - 2 oras
- **Sa Ingles o ESOL** - 2 oras
- **Sa Ingles at Matematiko -** 2.5 oras
- **Sa ESOL at Matematiko -** 2.5 oras

**Kung magsusulit sa Ingles at Matematiko dumating lamang ng 2.5 oras bago magsara ang Sentro ng Pagtatasa.**

**KAILANGAN ANG I.D. NA MAY LARAWAN**

## Sino ang mga nangangailangan ng pagtatasa?

- Mga bago at bumabalik na mag-aaral
- Mga mag-aaral na naghahangad ng "Vocational Certificate"
- Mga mag-aaral na naghahangad ng "Associate Degree"

### PANGANGALAGA SA MGA MAY KAPANSANAN

Sinomang estudyante na nangangailangan ng tulong sa pagsusulit dahilan sa napatunayang kahinaan na pisikal, kapansanan sa pangdinig, sa pagtingin at pagiintindi ay kailangang tumawag sa "Disabled Students Program and Services", (D.S.P.S)

OPISINA (650) 738-4280

FAX (650) 738-4228

TTY (650) 738-4329

## Matatawagan Para sa Inpormasyon:

Koordinaytor sa Pagtatasa
Telepono: (650) 738-4164
Mga Oras at Araw ng Pagtawag: Lunes hanggang Biyernes, 9:00 n.u - 4:00 n.h.
Ang oras ng pagsusulit ay iba-iba.

10/06